
# Titser ba ang Nanay mo?



Kuwento ni: Jackelyn F. Aligante
Guhit ni: Zoren P. Valdisimo

**TITSER BA ANG NANAY MO?**

Kuwento ni: Jackelyn F. Aligante

Guhit ni: Zoren P Valdisimo

"Titser ba ang Nanay mo?" ang palaging tanong ng walong taong gulang na batang si Angela sa kaniyang mga kaklase.

Palagi silang magkasama ng kaniyang Nanay Lina tuwing papasok sa paaralan gayon din sa pag-uwi. Nasubaybayan niya ang mga gawain nito. Kaya nakikita niya ang kaniyang Nanay Lina sa nanay ng kaniyang mga kaklase.

Dumating ang araw na naging abala na si Nanay Lina. Nagpupuyat na ito at ilang beses na rin na hindi siya natulungan sa kaniyang takdang-aralin.

Alamin sa kuwento kung ano ang natuklasan ng batang si Angela sa kaniyang sarili habang abala ang kaniyang Nanay Lina at kung ano naman ang nagiging bunga ng pagiging masipag ng kaniyang nanay.

Level: Gr. 3

Kasanayang Pampagkatuto:

Filipino 3

Pagbasa (Pag-unawa sa Binasa)

- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong binasa tugma (F3PB-Ib3.1)
- Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan (F3PB-Ia-1)

## Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in the work of Government of the Philippines. However, prior approval of Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit, DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use of any purpose of stutues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assembles and in meetings of public character

For the purpose of citation, the following is recommended:

Aligante, Jackelyn F. *Titser ba ang Nanay mo?.* DepEd-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Kuwento ni: Jackelyn F. Aligante
Guhit ni: Zoren P. Valdisimo

Learning Resource Managers:

Caloocan City
National Capital Region



# Titser ba ang Nanay mo?



Kuwento ni: Jackelyn F. Aligante
Guhit ni: Zoren P. Valdisimo

Bitbit ang mga gamit, nagmamamadaling lumabas ng bahay si Angela at ang kaniyang Nanay Lina. Iba't ibang klase at hugis ng bag ang hawak ng kaniyang nanay. Halos dala na yata nila ang buong bahay. Ganito sila tuwing papasok sa paaralan. Titser kasi ang kaniyang nanay sa unang baitang.



Habang nasa traysikel tinanong ni Angela ang kaniyang nanay.

“ Nay, bakit po ang dami ninyong dala-dalang bag? Ano po ang mga laman niyan?”

“Anak, itong isang bag ay sarili kong mga gamit ang laman. Ito namang malaking bag ay mga gamit ko sa pagtuturo. Ito naman ay laptop,” paliwanag ng kaniyang nanay sabay ngiti.





Pagdating sa paaralan, naghihiwalay na silang mag-ina. Walong taon na si Angela at nasa ikatlong baitang na, kaya hindi na siya hinahatid sa kuwarto. Kaya na rin niyang bitbitin ang kaniyang mga gamit.



Habang papasok sa kuwarto, nakasabay niya ang kaklase na si Samanta. Hinatid si Samanta ng kaniyang nanay. Napansin ni Angela na maraming dalang bag ang nanay ni Samanta. Pagkaupo sa klase tinanong niya agad ang kaklase.



“Titser ba ang nanay mo?”

“Hindi titser ang nanay ko,” sagot ni Samanta.

“Bakit marami siyang dalang bag?” muling tanong ni Angela.

“Namatay kasi ang aming lolo kaya uuwi siya sa probinsya,” paliwanag ni Samanta. Tumango lamang si Angela.



Titser ba ang Nanay mo?

Tuwing uwian, dadaanan ni Angela ang kaniyang nanay. Mag-aantay siya ng 10-15 minuto. Nagwawalis pa kasi si Nanay Lina. Sinisigurado nito na malinis at maayos ang kuwarto bago niya iwanan. Gagamitin pa kasi ito ng panghapon na klase.



Alas 12:30 na ng tanghali sila nakakarating sa bahay. Kakain na sila agad ng tanghalian. Pagkatapos, iidlip sila ng dalawang oras. Pagsapit ng 4:00 ng hapon, mag-aasikaso na si Angela ng kaniyang takdang-aralin sa paggabay ni Nanay Lina. Gagawa na rin ang kaniyang nanay ng mga aralin na ituturo kinabukasan.

Bago dumating si Tatay Oka ng 7:00 ng gabi, nakapagluto na si Nanay Lina ng kanilang hapunan.




May mga pagkakataong hindi sila nakakauwi agad ng kaniyang nanay pagkatapos ng klase. Minsan kasi, nagpapatawag ng miting ang punongguro, dalubguro, o mga tagapag-ugnay. Kung hindi naman ay nagsasanay ang kaniyang nanay sa mga batang ilalaban sa iba't ibang patimpalak.

Araw ng Biyernes, habang nakaupo si Angela at nag-aantay sa kaniyang nanay, napansin niya ang kaklaseng si Dana na mugto ang mga mata.


"Bakit ka umiiyak?"tanong niya.

"Wala pa kasi si Mama. Kanina pa ako rito," wika ni Dana sabay punas ng luha.

"Titser ba ang nanay mo?" tanong ni Angela.

"Hindi titser ang nanay ko. Nasa bahay lang siya at nag-aalaga sa aming magkakapatid," sagot ni Dana.


Titser ba ang Nanay mo?



Kapag may mga proyekto sa paaralan at takdang-aralin, palaging si Angela ang nauunang magpasa. Kapag may paligsahan naman pinapayagan siya agad ng kaniyang Nanay Lina.

Noong Buwan ng Wika nga nila kasali siya sa katutubong sayaw. Asikasong asikaso siya ng kaniyang nanay.

"Ang ganda talaga ng anak ko. Bagay na bagay sa iyo ang pulang saya," wika ni Nanay Lina.

"Siyempre naman, 'Nay. Mana yata ako sa'yo," pagmamalaki niya.

Pinatayo siya at sinayaw nilang mag-ina ang ilang hakbang ng sayaw na Cariñosa.



Araw ng suweldo ni Nanay Lina. Kakain sila sa paborito nilang kainan. Mag-gogroseri sila. Siyempre, hindi puwedeng hindi sila bibili ng mga gamit sa pagtuturo. Nagtataka siya bakit kaya palaging bumibili ang kaniyang nanay ng puting papel na iba-iba ang sukat, pandikit, lapis at minsan tinta ng kanilang printer? Nagtitinda ba ang kaniyang nanay sa loob ng klase?



Sa kanilang paglilibot sa bilihan, nakita niya ang kaniyang kaklase na si Prince kasama ang kaniyang nanay. Namimili rin sila.

"Titser ba ang nanay mo? Bakit kayo bumibili ng ganiyang mga gamit?" tanong ni Angela kay Prince.

"Hindi titser ang nanay ko. Paninda namin ang mga iyan sa aming tindahan", sagot ni Prince. Napangiti na lamang si Angela.



Titser ba ang Nanay mo?




Pagdating sa bahay,isa-isang inilabas ni Nanay Lina ang kanilang pinamili. Nilagay niya sa kusina ang mga groseri at itinabi naman ang mga gamit niya sa paaralan. Hindi niya natiis na tanungin ang nanay.

"'Nay, bakit po tuwing suweldo, bumibili kayo ng mga gamit ninyo sa paaralan?"


"Anak, ginagamit ko ang mga ito sa paggawa ng mga aralin sa aking klase. Pini-print ko ang magagandang larawan para lubos na matuto ang mga batang aking tinuturuan. Ang mga lapis naman ay pinapahiram ko sa mga batang walang lapis. Minsan, ibinibigay ko na papremyo sa magagaling sa loob ng klase," mahinahong paliwanag ng kaniyang nanay.



Isang araw, nagpaalam si Nanay Lina kay Tatay Oka na mawawala siya ng sampung araw. May dadaluhan siyang seminar. Ito ay bahagi ng kaniyang trabaho bilang isang guro.



Napag-usapan nila na roon muna si Angela sa Tita Rosa niya habang wala siya. Hindi naman kasi puwede si Tatay Oka dahil may trabaho siya at minsan ay gabi na ito umuuwi.



“Anak, ang Tita Rosa mo muna ang mag-aalaga sa iyo. Siya na rin muna ang mag-aasikaso ng mga takdang-aralin mo. Magpapakabait ka ha at sundin mo lahat ng sinasabi niya,” bilin ni Nanay Lina.

“Opo ‘Nay,” sabay yakap ng mahigpit sa nanay.

Panlimang araw pa lang na wala si Nanay Lina pakiramdamdam ni Angela ay isang taon na. Sabik na siyang makita at makasabay sa pagpasok at pag-uwi pagkagaling sa paaralan ang kaniyang nanay.



Oras ng recess, masaya silang kumakain ng mga kaklase. Sa isang sulok ng kuwarto napansin ni Angela ang kaklase niyang si Toni na tahimik na kumakain. Nilapitan niya ito.

"Bakit ka malungkot?" tanong niya.

"Kasi ang tagal umuwi ng nanay ko. Sabi niya ilang araw lang daw siyang mawawala," sagot ni Toni.

"Bakit titser ba ang nanay mo?" tanong ni Angela.

"Hindi titser ang nanay ko, OFW siya. Nagtatrabaho sa ibang bansa."


Titser ba ang Nanay mo?

Tuwang-tuwa si Angela dahil ngayon ang araw ng pag-uwi ni Nanay Lina. Sa wakas mayayakap na niya ang kaniyang nanay. Gumawa siya ng sopresa para sa nanay. Sinulat niya sa malaking kartolina gamit ang malalaking letra ang mga salitang: "MALIGAYANG PAGDATING NANAY. MAHAL NA MAHAL KITA." Iginuhit niya rin ang kaniyang nanay na may maraming bitbit na bag. Nagdikit siya ng makukulay na bulaklak na gawa sa papel bilang disenyo.

Gabi na nang makauwi si Nanay Lina. Sinalubong niya ng yakap at halik. Nagpasalamat ang kaniyang nanay sa sorpresang kaniyang ginawa.


WELCOME HOME
NANAY!

Simula noong nagseminar ang kaniyang Nanay Lina ay palagi na lamang itong abala. Halos lahat ng oras niya ay nasa kompyuter. May mga araw na nagpupuyat siya. Dati siya ang dumadalo sa mga miting, ngayon siya na ang nagpapamiting. Napadalas na rin ang pagdalo niya sa mga seminar.



Minsan hindi na si Angela nakapagpasa ng takdang-aralin kasi hindi niya maistorbo si Nanay Lina sa ginagawa nito.

"Wala ka ring takdang-aralin? Tanong niya sa bagong lipat na kaklase.

"Wala, abala kasi sa trabaho ang nanay ko," sagot ng kaklase niya.

"Titser ba ang nanay mo?" muling tanong ni Angela.

"Hindi titser ang nanay ko. Ahente siya ng lupa."


Titser ba ang Nanay mo?

Sabado, Linggo, may bagyo, at kahit ang araw na sinabi ng presidente ng Pilipinas na walang pasok ay abala pa rin si Nanay Lina. Kailangan daw matapos niya ang lahat ng mga dokumento at maipasa sa takdang oras. Ang sipag niya.

Kapag may takdang-aralin, si Angela na lang ang gumagawa. Natutuwa naman ang guro niya dahil sariling gawa na niya ito. Natuto na rin siyang mag-ayos ng sarili niyang mga gamit.

Pero bakit ganun? Hinahanap pa rin niya ang pag-aasikaso ni Nanay Lina. Kailangan ba niyang magtampo? Hindi na ba siya mahal ng kaniyang nanay? Napabulahaw na lang siya sa pag-iyak.



May mabigat na kamay na humaplos sa balikat ni Angela. Lumingon siya. Mga kamay pala ni Tatay Oka.

"Anak, may problema ba?" pag -alalang tanong ng kaniyang tatay.

"Kasi po 'Tay, palagi na lang abala si Nanay."

Pinaliwanag sa kaniya ni Tatay Oka na pansamantala lamang ang pagiging abala ni Nanay Lina . Hindi naman daw sa lahat ng oras ay ganoon palagi. Bahagi lamang daw iyon ng kaniyang trabaho na ang kapakanan ay para sa kinabukasan ng mga batang pag-asa ng bayan at isa na siya roon. Kaya pala parang hindi ramdam ni Nanay Lina ang pagod at palagi pa siyang nakangiti.



Isang linggo bago ang buwan ng Pandaigdigan na Padiriwang para sa mga Guro. Ibinalita sa kanila ni Nanay Lina na isa siya sa bibigyan ng parangal bilang isa sa pinakamagagaling na guro sa kanilang lungsod.

Araw ng paggawad, ang ganda ni Nanay Lina sa suot niyang kulay kahel na Filipiniana.



Ngayon naintindhan na ni Angela ang mga araw na abala ang kaniyang nanay. Kung bakit kailangan niyang magbitbit ng maraming bag, bumili ng mga gamit sa paaralan tuwing suweldo at ang antaying siya ng ilang oras kung kinakailangan.



Titser ang nanay ko!
Ipinagmamalaki ko!



“Titser ba ang Nanay mo?” ang palaging tanong ng walong taong gulang na batang si Angela sa kaniyang mga kaklase.

Palagi silang magkasama ng kaniyang Nanay Lina tuwing papasok sa paaralan gayon din sa pag-uwi. Nasubaybayan niya ang mga gawain nito. Kaya nakikita niya ang kaniyang Nanay Lina sa nanay ng kaniyang mga kaklase.

Dumating ang araw na naging abala na si Nanay Lina. Nagpupuyat na ito at ilang beses na rin na hindi siya natulungan sa kaniyang takdang-aralin.

Alamin sa kuwento kung ano ang natuklasan ng batang si Angela sa kaniyang sarili habang abala ang kaniyang Nanay Lina at kung ano naman ang nagiging bunga ng pagiging masipag ng kaniyang na-nay.